P2-B budget ng QC sa gamot sa 2020, inilaan ni Mayor Joy B

Naglaan si Quezon City Mayor Joy Belmonte ng P2-bilyong halaga ng pondo para sa mga gamot sa susunod na taon, 2020, na ipamamahagi sa mga mahihirap na residente ng lungsod.

Ayon kay Belmonte, ginawa ang hakbang upang matiyak na may libreng mga gamot na mailalaan sa mga nagkakasakit na mga mahihirap na taga lunsod.

Ngayong 2019 ay umaabot lamang sa P550,000 ang budget ng QC government na pambili ng gamot na nakakalat sa mga QC government owned hospital at barangay health centers .

"Healthcare is one of our agenda of governance, two of the often heard complaints during our campaign was the shortage of doctors and lack of medicines, thus we have increased the budget for medicines" pahayag ni Belmonte.

Umaasa naman si Belmonte na susuportahan ng QC Council ang pagtataas sa budget sa mga gamot.

Anya magdaragdag din ang lokal na pamahalaan ng health professionals tulad ng mga doktor na ikakalat sa mga barangay health centers.

"Magbubukas tayo ng 32 permanenteng posisyon para sa mga doktor at sa tulong ng pribadong sektor, nasimulan na natin ang libreng medical, dental at check-up sa ating mga public school students" pahayag pa ng alkalde.

Bukod aniya rito ay mapapagkalooban na ng libreng maintainance medicines at pneumococcal vaccines ang mga senior citizen sa QC.

Isa sa matagumpay na programa sa pangkalusugan ni Belmonte ay ang pagtatayo ng Malasakit Center sa Novaliches District Hospital na one stop shop na magbibigay ng tulong medical sa mga taga-QC. ***-Angie dela Cruz-***